# Employee Assistance Program

## [PROGRAMA NG PAGTULONG SA EMPLEADO]

(800) 777-4114

www.FirstChoiceEAP.com

***Handog ng***

First Choice Health™

Healthy Employees. Healthy Companies.™

## Malugod Namin Kayong Tinatanggap Sa Employee Assistance Program

Ang inyong bagong Employee Assistance Program ay handog sa inyo ng inyong pinagtatrabahuhan para tulungan kayong lutasin ang ibat-ibang mga problema na maaaring gumugulo sa inyong buhay.

May mga sumasagot sa aming mga telepono 24 oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Ang First Choice Health Employee Assistance Program ay may mga naghahandog ng mga serbisyo na nagsasalita ng Tagalog na malapit sa inyong tirahan o pinagtatrabahuhan.

## Sino Ang Mga Karapat-Dapat Para Sa Mga Serbisyo?

Ang mga empleado ng kompanya at ang kanilang mga kapamilya ay karapat-dapat para sa mga serbisyo ng Employee Assistance Program. Kabilang dito ang mga asawa o kinakasama at ang sinusustentuhang mga anak na wala pang 19 na taong gulang.

## Ipinaglilihim Ba Ang Employee Assistance Program?

Oo, lubos na ipinaglilihim ang mga serbisyo ng EAP. Hindi malalaman ng inyong pinagtatrabahuhan na kinontak ninyo ang EAP, o kung ano ang pinag-usapan, na walang nakasulat na pahintulot ninyo.

# Anong Mga Klaseng Problema
# Ang Tinatalakay?

Maraming klaseng problema ang matatalakay sa Employee Assistance Program kabilang ang mga Ikinababahala ng mga Magulang, mga Problema ng Mag-asawa, Pag-abuso ng mga Droga o Paglalasing, Depression, mga Problema sa Pagkagalit, mga Problema sa Pagtulog, mga Problema sa Trabaho, Problema sa Pagiging Gastador/a & Pagsusugal, mga Problema sa Trabaho.

May mga ilang pinagtatrabahuhan na naghahandog rin ng Pagkokonsulta tungkol sa Batas, mga Serbisyo ng Pag-alaga sa Matatanda at Referral sa sa Pagpapaalaga ng (mga) bata. Puwede rin ninyo kaming tawagan para alamin kung ano ang mga makukuhang serbisyo ng inyong kompanya.

## Tingnan Ang Aming Web Site

Madaling gamitin ang aming Web site at ang ilan sa mga bahagi nito ay nasa Tagalog. Mas lalong marami kayong malalaman tungkol sa aming mga serbisyo, kung paano makipagtipanan, tungkol sa mga tanong sa e-mail, kung paano makita ang mga programa ng pagsasanay at marami pang iba. Mag-log on lamang sa www.FirstChoiceEAP.com.

# Tandaan Ninyo

Ang mga problemang personal at naukol sa pamilya ay bahagi ng buhay ng lahat ng tao. Kung minsan ay nagiging masyadong mahirap lutasin ang mga problema at ang paghingi ng tulong ay ang kasunod sa pinakamabuting hakbang para bumuti ang inyong damdamin. Tandaan ninyo na ito ay isang programa na gusto ng inyong pinagtatrabahuhan na gamitin ninyo sa anumang oras na may mga problema kayo. Malugod na tatanggapin ng Choice Health Employee Assistance Program ang inyong mga tawag at inaasahang paglingkuran kayo.

# Madali Ang Makipagtipanan

Para makipagtipanan, tawagan ang **1-800-777-4114**. Maaaring tanungin kayo ng mga ilang maikling tanong na kaugnay sa inyong mga ikinababahala. Sasabihin sa inyo ng EAP kung sino ang counselor na makakasapat sa inyong mga pangangilangan sa counseling. Tapos, ang counselor ang kokontak sa inyo para makipagtipanan sa inyo. Kung may mga katanungan kayo tungkol sa EAP o kung gusto ninyong makipagtipanan, tawagan lamang ang 1-800-777-4114 *o* tingnan ang aming web site sa www.FirstChoiceEAP.com.